

PASABI SA DELINGKWENTENG PAGBABAYAD NG SERBISYO NG TUBIG AT SA PAGPUTOL SA SERBISYO NG TUBIG

Sa kasalukuyang petsa ng pasabing ito, hindi pa natatanggap ng Rio Vista Water Department ("Lungsod") ang nakatakdang kabayaran sa account na nakalista sa itaas. Ang sampung porsyento (10%) na multa sa singil sa tubig at sa patubo ay ipinatong sa iyong account, at ang halagang nakasaad sa itaas ay dapat nang bayaran ngayon.

Upang maiwasan ng Lungsod ang pagputol sa serbisyo ng tubig sa adres na nakalista sa itaas, mangyaring ipadala ang bayad o makipag-ugnayan sa Lungsod upang humiling ng amortisasyon o kabawasan sa singil sa iyo sa loob ng animnapung (60) araw ng petsa ng pasabing ito. Kung walang matatanggap na bayad o walang ginawang kasunduan para sa pagbabayad, puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng **10:00 n.u. sa ikaanimnapu't-isang (61) araw mula sa petsa ng pasabing ito.**

Pagkatapos ng pagputol, kapag gusto mo nang muling ikabit ang serbisyo ng tubig, hihingin ng Lungsod ang buong kabayaran sa mga delingkwenteng singil at ang karagdagang \$25.00 na bayad para sa muling pagkakabit.

IMPORMASYON PARA SA PAGBABAYAD

Upang magbayad nang personal – Pumunta sa 1 Main Street, Rio Vista, California 94571.
Ang Lungsod ay tatanggap LAMANG ng cash, tseke, o money order nang personal.
Para sa mga pagbabayad gamit ang credit card, mangyaring magbayad sa telepono o online.

Upang magbayad sa telepono -- Tumawag sa Libreng Tawag na (844) 446-6486 at sundin ang mga sinasabi ng boses.
Hihilingin sa iyo ang iyong numero ng account, na nakalista sa itaas.

Upang magbayad online – Bisitahin ang <https://riovca.aquahawk.us/login> at magbayad sa portal ng pagbabayad.
Kung hindi mo pa nagagamit ang portal, kailangan mong irehistro ang iyong account sa portal.

PAGHILING NG ISANG PAGREREBISA NG SINGIL O PAGHAHAIN NG APELA

Isang patakaran ng Lungsod na maglaan ng pamamaraan sa pag-apela na nagbibigay ng pagkakataon sa mga kostumer na magreklamo ukol sa isang singil sa serbisyo ng tubig sa tahanan. Maaari mong iapela ang pasabing ito at ang delingkwenteng halaga sa pamamagitan ng pagsunod sa pamamaraan ng pag-apela na nakasaad sa Atas ng Munisipyo ng Lungsod ng Rio Vista Seksyon 13.20.150 Upang talakayin ang pamamaraan ng pag-apela at mga opsyon upang maiwasan ang pagputol sa serbisyo ng tubig sa tahanan, makipag-ugnayan sa Direktor ng Public Works sa 707-374-6451. ext. 1116.

PAGHILING NG ISANG AMORTISASYON O KABAWASAN SA SINGIL SA IYO

Maaaring karapat-dapat ka para sa isang humalan, binawasan o alternatibong iskedyul ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol sa mga serbisyo ng tubig. Upang magpetisyon para sa naturang kabawasan o amortisasyon, makipag-ugnayan nang personal sa Lungsod sa adres na nakalista sa itaas o sa pamamagitan ng telepono sa Direktor ng Pananalapi ng Bayan sa 707-374-6311 at humandang magbigay ng katibayan na natutugunan mo ang mga kinakailangang kriterya.

1. **Hurnalan na plano ng pagbabayad.** Ang Lungsod ay maaaring mag-alok ng plano na hurnalan basta magtalaga ang kostumer sa isang plano ng pagbabayad na magdadala sa kasalukuyang account sa hindi bababa sa dalawang inog ng paniningil. Sa anumang pagkakataon ay hindi maaaring lumampas ang amortisasyon sa labindalawang (12) buwan.
2. **Plano ng binawasang halaga.** Ang mga pinababaang pagbabayaran ay magagamit ng mga kostumer na nagpapakita na wala silang pinansyal na kakayahang magbayad. Ang isang kostumer ay nagpapakita ng kawalan ng pinansyal na kakayahang magbayad sa pamamagitan ng pagsasaad na ang kinikita ng kanyang sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng federal na palugit sa kahirapan. Ang isang kostumer ay maaaring magpakita na siya ay nasa mas mababa sa 200 porsyento ng federal na palugit sa kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Kita na Pang-ayuda na Social Security/Programang Tulong na Pasuweldo ng Estado, o ng Programa ng California sa Natatanging Ayudang Pang-nutrisyon sa mga Kababaihan, Mga Sanggol, at Mga Bata, o idineklara ng kostumer na ang taunang kinikita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng federal na palugit sa kahirapan. Sa naturang kaso, babawasan ng Lungsod ang halagang nautang at aalisin ang 10% interes, ngunit hindi hihigit sa isang beses kada labindalawang (12) buwan.
3. **Alternatibong iskedyul ng pagbabayad.** Maaaring isaalang-alang ng Lungsod ang paghahati ng mga babayaran ng kostumer sa serbisyo ng tubig sa tirahan sa pantay-pantay na buwanang pagbabayad, o iba pang mga alternatibong pagbabayad na itinuturing ng Direktor ng Pananalapi ng Bayan at/o kinatawan na kinakailangan upang maiwasan ang walang saysay na paghihirap ng kostumer ayon sa mga pangyayari sa kaso ng indibidwal.

PAGPUTOL SA MGA SERBISYO PAGKATAPOS PUMASOK SA ISANG PLANO NG PAGBABAYAD

Kung ikaw at ang Lungsod ay magkakasundo sa isang humalan, binawasan o sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad, magpapatuloy ang serbisyo ng tubig habang tumutupad ka sa kasunduan at patuloy na nagbabayad sa takdang panahon ng lahat ng susunod na mga singil sa serbisyo ng tubig.

Kung hindi ka makatutupad sa kasunduan o hindi makakabayad sa mga regular na singil sa iyong serbisyo ng tubig sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang iyong serbisyo ng tubig pagkatapos magbigay ng humigit-kumulang limang (5) araw ng negosyo na pasabi ng delingkwenteng pagbabayad at paglalagay ng pasabing ito sa lugar na kapansin-pansin sa adres ng serbisyo na nakalista sa itaas.

PASABI SA NANGUNGUPAHAN

Alinsunod sa batas ng Estado, ang mga nakatirang nangungupahan ay may karapatang maging direktang kostumer ng Lungsod para sa serbisyo ng tubig at ang tao na sisingilin sa serbisyo ng iyon, nang hindi kailangang magbayad ng delingkwenteng halaga na nakalista sa itaas. Upang maisakatuparan ang karapatang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Rio Vista Water Department, 1 Main Street, Rio Vista, California, 94571, o sa Direktor ng Public Works sa 707-374-6451, ext. 1116.